# Dalawang Kasal

IKA-34 NA LABAS

ANG NAKARAAN:

BAGAMAT NABIGO SI IMELDA SA KANYANG PAGSUBAYBAY KAY MILA. IPINANGAKO NIYA SA KANYANG SARILI NA HAHANAPIN NIYANG MULI ITO SA KINABUKASAN.

SAMANTALA, SI MILA NAMAN AY NAKAUWI NA, AT MATAPOS NIYANG MAIBIGAY ANG SALAPING KANYANG NAPAGPALIMUSAN AY NATUWA SIYA NANG MAKITA NIYANG LUMAMIG ANG ULO NG KANYANG ASAWANG SI PEPE.

SA KABILANG DAKO AY NALIGALIG NA LUBHA SI GREG NANG MALAMAN NIYANG HINDI PA UMUUWI NG BAHAY SI LUCY... NARAGDAGAN PA ANG KANYANG PAG-AALALA NANG MABATID NIYANG WALA RIN ANG KANYANG ASAWA SA KANI-KANILANG MGA MAGULANG...

Nina: REDONDO at ZUÑIGA







PAGKARAAN NG ILANG TAWAG SA OSPITAL AY NAISIPAN NI GREG NA TUMAWAG SA KANILA ...
"HELLO"... NARIRIYAN NA BA ANG SENYORA MO?... NARIRIYAN NA? SABIHIN MONG HUWAG SIYANG AALIS AT UUWI AKO!
SA TINDI NG GALIT NI GREG NAGMAMADALING LUMABAS NG UPISINA ANG LALAKI... PARANG NAKIKIPAGKARERA SA KAMATAYAN NA PINATAKBO NI GREG ANG KANYANG KOTSE...
MAKIKITA NG BABAING IYAN, PAG-UWI KO! SASABUNIN KO SIYA NG HUSTO! BINIGYAN NIYA AKO NG ALALAHANIN SA GINAWA NIYANG IYON!
SUBALI'T NANG MAKAUWI NA ANG LALAKI AY SINALUBONG SIYA NG YAPOS AT HALIK NI LUCY...
LUCY, HALIKA RITO! GUSTO KITANG MAKAUSAP TUNGKOL SA...
GREG... DARLING!...
BIGLANG LUMAMIG ANG ULO NI GREG. HUMUPA ANG KANYANG GALIT KAYA'T NANG TANUNGIN SIYA NI LUCY AY MALUMANAY NA SIYANG SUMAGOT...
ANO ANG SINASABI MO KANINA, DEAR?... GUSTO MO AKONG MAKAUSAP TUNGKOL SA ANO, DEAR?...
A...E... WALA NAMAN... GUSTO KO LAMANG MALAMAN, KUNG SAAN KA NAGSUOT!... KUNG SAAN-SAAN KITA HINANAP, E...
SA SINE LAMANG, GREG... BAKIT, NAGAGALIT KA BA, HA? ANG SABI NG KATULONG NATIN AY PARANG GALIT DAW ANG BOSES MO NANG TUMAWAG KA DITO KANINA...
HINDI NAMAN AKO NAGAGALIT, LUCY... NAG-AALALA LAMANG AKO KUNG SAAN KA NAGPUNTA, E...
MASAMA ITO... BAKA NAGSISIMULA NA SIYANG MAGSUSPETSA! KAILANGANG PAG-IBAYUHIN KO ANG PAG-IINGAT SA PAKIKIPAGTAGPO KAY FRANK...
ITUTULOY—